

# THE COMMUNICATOR

THE OFFICIAL STUDENT PUBLICATION OF PUP COLLEGE OF COMMUNICATION

Serve the students, seek the truth

Matayog, matigas, matatag. Iyan ang mga katangian ng isang kabundukan na humaharap sa matinding hagupit ng kalikasan. Pilit na nagpapakatatag sa masalimuot na bagay na siyang hatid ng mga kalamidad sa pisikal na istruktura ng kabundukan. Ngunit sa paglaon, ang dating matatag na kabundukan ay unti-unting hihina at magiging marupok na bato dahil sa mahinang pundasyon nito.

Tulad ng isang bansa o institusyon, kinakailangan nito ang isang matibay na haligi na sumasalamin sa isang pinuno. Isang pinuno na matataguyod ng kaayusan at pangkalahatang kaunlaran. At bilang pag-aanalisa sa tatlong mukha ng pinuno na nasa haliging bato, anu-ano ba ang mga isyu na nagpalakas o nagpahina sa sarili nilang mga pundasyon?

## Mga Pangakong Napako ni Gloria:

Sa mahigit walong taong panunungkulan bilang pinuno ng bansa, walong taon din ang ginugol ng pangulong Gloria Macapagal Arroyo upang linlangin ang buong madla.

Dahil sa kanyang matagal na panunungkulan, unti-unting humina ang sariling pundasyon ng ating bansa. Ito ay bunsod ng walang sawang pagtaas ng presyo ng bilihan, langis at maging ang pamasaha na nagsisilbing pasanin lamang sa ating mga kababayan. Ito ay taliwas sa mga naunang nasabi ng pangulo na ramdam ang kaunlaran. Maging ang mga nagdaang SONA ay nagsilbing instrumento ng kabuktutan at pilit na pinapaikot ang buong bayan gamit ang mga matatamis na pangakong kanyang binibitawan.

Ilang *impeachment cases* na rin ang inihain laban sa pangulo ngunit wala man lang na isa ang gumapi sa katatagan nito sa pwesto. Iba't-ibang isyu na rin ang kinasasangkutan ng pangulo na siyang nagpasama ng kanyang imahe bilang pinuno ng bayan. Nariyan ang *Hello Garci scandal*, *ZTE-NBN Broadband deal*, *Fertilizer Scam*, isyu ng *Jose Pidal account* ng kanyang asawa at ang lumalalang krisis pangekonomiya na dinadaing ng bansa. Sa ganitong senaryo, mismong ang pangulo ang nagiging dahilan ng mabilis na paglagpak ng bansa dahil sa maling pamamalakat ng gobyerno na siyang pahirap sa masa.

## Isko at Iska sa kamay ni Guevarra

Ika-5 ng Hulyo, 2007 nanumpa si Dr. Dante Guevarra bilang ika-11 pangulo ng PUP alinsunod sa Section 6 Republic Act 8292. Isang taon matapos siyang manungkulan bilang pangulo, naging malala ang kalagayan ng PUP at ang kanyang panunungkulan ang naging hudyat ng komersyalisasyon sa pamantasan.

Ayon kay Krishna Ayuso, pangulo ng Sentral na konseho ng mga Mag-aaral na sa unang taon pa lang ng termino ni Guevarra ay samu't-sari na ang mga isyu na pinupukol sa kanya bilang pangulo. Ilaan lamang sa mga ito ay ang *beautification projects*, komersyalisasyon ng mga *pepsi products*, iba't-

ibang pagtatangka ng *tuition fee increase* (TOFI), *budget cut* sa pondo ng PUP, implementasyon ng *Student Information System (SIS)* na nagpapataw ng karagdagang P250 developmental fee sa mga freshmen at ang pinakabago ay ang P300 na bayad sa P.E. uniform na sinasabing compulsory.

Tampok din sa kanyang panunungkulan, na siyang pinkasariwa, ay ang 90 araw na suspensyon ni Dr. Guevarra dahil sa 13 counts of graft and corruption nito lang Nobyembre. Kabitang sa mga nakasuhan at nasuspendido ay sina Vice President for Advertising Augustus F. Cesar at Accounting division chief Adriano Salvador.

Dagdag pa ni Ayuso, malaki ang pagbabago sa pamumuno ni Guevarra nung ito ay nagsilbi pa lamang bilang acting president hanggang sa ito ay tuluyang matuklok sa kanyang posisyon. Nang magsilbi ito bilang acting president, isa siya sa mga nagsusulong ng panawagan sa gobyerno para sa mataas na badyet sa PUP at tumitindig sa panig ng mga estudyante. Ngunit ng siya ay maging ganap na pangulo, isa siya ngayon sa mga nagpapanukala ng mga bagay na taliwas sa kapakanan ng mga iskolar ng bayan.

"He is considered as the worst president so far dahil sa term niya nagkaroon ng pagtatangka ng tuition fee increase at pagkakaroon ng malaking budget cut" ayon kay Ayuso.

As President and Tatay ng iba't-ibang sectors as of now, hindi siya nakikiisa sa ating panawagan at kapag ito ay nagpatuloy, hindi na nakakapagtaka kung siya ay mapatalsik sa pwesto." Dagdag nito.

## Ang Pinuno Bilang "Ama"

Sinasabing ang ama ay ang haligi ng tahanan at para kay Dean Robert Soriano na itinuturing na "pangalawang ama", isa siya sa nagsisilbing pundasyon sa kolehiyo ng komunikasyon. Maraming mga pagbabago ang naganap sa kolehiyo sa kanyang panunungkulan. Nariyan ang pagkamtan ng kolehiyo ng Level III accreditation at ang pagtatayo ng kauna-unahang radio station sa PUP.

Ngunit sa ilang taon din ng kanyang panunungkulan, may pagkakataon na siya ay naiipit sa mga isyu na sumubok sa katatagan ng kanyang sariling pundasyon bilang ama ng institusyong kanyang pinanghahawakan. Una na rito ay ang Love-Bob-le concert na umani ng maraming batikos dahil sa compulsory fee nito at sinasabing magiging Income Generating Project (IGP) para

sa pagpapaganda ng kolehiyo. Dagdag pa rito ang pagtuligsa sa kanya ng isang kumalat na propaganda paper na "*behind COC*" na umugong hindi lamang sa kolehiyo maging sa buong unibersidad noon nakaraang semester. Naging usapin din ang mga anomalya sa pagpoproseso ng bagong COC Uniform na lumabag sa patakaran ng paaralan na siyang naganap sa kanyang termino.

Gayunpaman, ang pro-student policy ni Dean Soriano ay hindi maipagkakailang isang malaki at mabisang instrumento sa pagtaguyod ng ating kolehiyo sampu ng mga mag-aaral na namamalagi dito.

## Extend pa ba?

"Time na! Extend ka pa ba?"

Gaya ng senaryong nagaganap sa mga *computer shop*, may posibilidad na mag-extend pa ng termino ang mga nabanggit na pinuno.

Maaaring madugtungan ang pamumuno ni Gloria sa oras na magpalit ng sistema ang gobyerno at maging parlyamentaryo. Sa ganitong sistema, pag-iisahin ang mababa at mataas na kapulungan at magiging *prime minister* si Gloria na muling luluklok sa kanya bilang pinuno ng bansa.

Ganito rin ang magiging kahihinatnan ni Guevarra sakaling magbago ang sistema ng gobyerno. Madadagdagan ang kanyang termino dahil siya ay kaalyado ng pangulong Arroyo at ang pagpili ng bagong pangulo ay kailangan pang dumaan sa mahabang proseso.

Posible namang magtagal pa si Dean Soriano sa kanyang pwesto dahil wala pang mapiling tao na siyang pinaka kwalipikado para sa mababakanteng pwesto.

Magtagal man sila o hindi sa pwesto, isa lang ang nakasisiguro, nasa kamay ng tatlong pinunong ito ang kinabukasan ng lipunang ating ginagalawan. Sila ang tatlong mukha ng pinuno na siyang susi sa ikauunlad o ikababagsak ng bayan. Nakadepende sa kanilang pamumuno ang ikatatatag o ikarurupok ng haliging bato na ating sinasandalan.

# Tatlong Mukha ng Haliging Bato: PAG-AANALISA SA MGA PINUNO

Michael Cabial  
at Kit Isaiah Bernal

## Hint of PUP Privatization: Freshmen Tuition Soared P1000

With the many issues rising along with Dr. Dante G. Guevarra's administration, another hard-hitting measure was staged: the new system that has complicated the enrollment process and the additional fees that have caused the tuition of the freshmen to increase up to P1,000.

The enrollment of the first years did not take much hard time of making lines. However, many were unaware of how the process and additional payments

they needed to pay, leaving them with no choice or be left out.

There were additional P300.00 and the P25.00 fees for the compulsory new PE uniform and bank-transactions fee included in the tuition of the freshmen.

According to the Board of Regents (BOR), said payments were unapproved and have not passed the usual legal procedures.

In the new process, any student who has withdrawn, incomplete or failed grades is not allowed to enroll, contrary to the rights of the student as stated in the student handbook.

by Aldrin Rick Urbino  
& Gelyn Arciaga

## PE uniform refunds ongoing

by Kier Gideon Paolo Gapayao

Refunds of the additional P300 for PE uniforms imposed on freshmen during the enrolment of the second semester are now available.

The PUP administration included the payments in the new online procedure for incoming freshmen now that the Student Information System (SIS) is operational. However, majority of the students were not properly informed of the refund leading the Central Student Council to conduct a dialogue with PUP President Dr. Dante Guevarra last October 30.

During the talk, he stated that a professor from the College

of Physical Education and Sports (CPES) suggested the uniform's inclusion in the enrolment procedure. Nevertheless, Guevarra said he was unaware of its implementation.

The Council also held a dialogue with the Vice President for Academic Affairs (VPPAA) Dr. Samuel Salvador last November 5, regarding the compulsory wearing of PE uniforms during NSTP/CWTS classes. According to the PUP Student handbook, every student is given freedom to dress up to his/her preferences as long as it conforms to the conventions of proper grooming, thus mandatory wearing of PE uniforms on NSTP/CWTS classes is prohibited. This resulted to the halt of the compulsory PE uniform and the start of the refunds the next day, November 6.

Students who wish to collect their payments are to bring their student's copy of enrolment and receipt to the University Accounting Office.

## CEFP sweeps University Academic Contest

CEFP (College of Economics, Finance and Politics) has another year again to safekeep the much coveted trophy, as they once more became the over-all champion in the recent University Academic Contests held last September 17-20, 2008 in line with the 104<sup>th</sup> PUP Founding Anniversary Celebration with the theme: *PUP @ 104<sup>th</sup>: Achieving Greater Heights in Unity and Cooperation*.

The CEFP has been the bearer of the trophy since 2000 up to the present, except for the year 2006.

"Well, it has to do with the mentoring, the training and of course with the *materialis furlis*, or the real talent of the child" said CEFP Dean Melly L. Paraiso.

Also, the CEFP conducts its yearlong competition within the department and college levels to eliminate and select the participants, in addition to the TLC or the tender-loving care, added Professor Romeo R. Bernardo, chairperson of the Department of Economics.

In the 10 major contests, CEFP topped the competition on the social sciences quiz-bee, having the second in the Filipino impromptu speaking contest, the Philippine history, culture and the arts contest; and the Inter-collegiate university debate.

Meanwhile, next to the CEFP was the College of Science (CS) as the first runner-up, followed by the PUP

## PUP 104th Founding Anniversary Commemorated

Polytechnic University of the Philippines commemorated its 104th founding anniversary with the theme "Achieving Great Heights in Unity and Cooperation", headed by President Dante Guevarra on October 2-, 2008.

Different colleges, branches and extensions of the university actively participated the prepared activities of several organizations. Some of the lined up activities were: University Intramurals, Cheering Competition, Mr. and Ms. PUP, October Revolution, PUP Idol '08 and PUP Jive '08.

The University Intramurals signaled the opening of the whole university celebration. Said program was held in PUP gymnasium along with participants, athletes, faculty, students and employees. Lamber M. Guiriba, a junior Bachelor in Physical Education student who grabbed the silver medal in

Laboratory High School (LHS).

CS has secured spot over the four competitions namely: 1<sup>st</sup> in the quiz bee on the general science, 2<sup>nd</sup> in the basic statistics and 3<sup>rd</sup> in the basic mathematics and the Filipino-essay writing contest.

LHS on the other hand had the 1<sup>st</sup> on the Filipino essay-writing, 2<sup>nd</sup> in the English extemporaneous speech contest and also in the general science quiz bee.

by Miguel Anthony Gahoc



COABTE wins the 2008 PUP Cheerdance Competition

the ASEAN Water Polo competition, led the oath taking of sportsmanship of both athletes and participants which was the main highlight of the program.

The College of Office Administration and Business Teacher Education (COABTE) was hailed as the over-all champion in the 2008 PUP cheering competition last September 29. Last year's champion, College of Communication emerged as the first runner-up followed by the College of Arts who placed third in the competition. The panels of judges are members of the Philippines Cheering Federation namely Mr. Rolando Sayno, Ms. Michelle Tanada, Mr. Amado Gregorio, Ms. Angelita Vivar and Ms. Preciosa Tuazon.

Rachelle Ann Aguirre from COABTE hailed as this year's PUP Idol. Elvin Nilsol from PUP Taguig won the second place as Ruel Bernardo also from COABTE placed third on the university's much-awaited singing contest. Held last October 2 in the Ninoy Aquino

Library and Learning Research Center (NALLRC), Sentrong Konseho ng Mag-aaral (SKM) gave their best to organize the event.

College of Economic, Finance and Politics topped other colleges when they ranked first in the university wide academic contests. CEFP was once again titled as the "College of Champions" after gaining the same title last year.

Another part of the Founding Anniversary is the Cadet Officer Class Corps (COCC) graduation and presentation of sponsors. President Guevarra served as the guest honor and speaker in the said event last October 3.

COC's pride Jet Lindell Monteban hailed as the first runner up as Madelene Garcia placed second in the Mr. and Ms. PUP 2008. On the other hand, representatives of the College of Arts and College of Accountancy prevailed over the others as they bagged the Mr. and Ms. PUP 2008 titles last October 6.

Zephora Jane A. Lingahan  
Karen B. Balmes

# MELAMINE, SALARING TA-COW SULIRANIN

pagkamatay sa Tsina.

ni Emily Nuñez

Nabalaga ang mga mamimiling Pilipino nitong nakaraang Oktubre sa napabalitang pagkakaroon at pagkakahalo ng Melamine, isang organikong kemikal na nakalalason sa mga produktong gaya ng mga *candies, chocolates, coffee drinks* at iba pang *dairy products* na nagmula sa bansang Tsina. Bunga nito, inimbistigahan at ininspeksiyon ng Bureau of Food and Drugs (BFAD) at Department of Trade and Industry (DTI) ang ilan sa mga pampublikong pamilihan sa kalakhang Maynila gaya ng Divisoria. Kinumpiska ang mga panindang gatas, sa kabila ng pagtangi ng mga may-ari, sapagkat wala umanong malinaw na *guidelines* kung anong mga produkto ang positibo sa melamine.

Dahil dito, nagpalabas ang BFAD ng mga listahan ng mga produktong positibo sa nakalalason kemikal upang mabigyang linaw ang pagkalito ng parehong mamimili at negosyante.

## Ang melamine at masamang dulot nito

Ang melamine ay isang organikong kemikal na siyang sangkap sa paggawa ng mga produktong tulad ng panlinis ng bahay at *furniture utensil, glue, fertilizer* at iba pang produktong gawa sa *plastic*.


Ito ay nakalalason, na maaaring magdulot ng sakit sa *reproductive organ* at maging sanhi ng *Bladder Cancer*, iritasyon sa balat, mata at baga. Maaari ring maging sanhi ng ito iritasyon sa *digestive tract*, pagsusuka, *diarrhea* at pagkasira ng *urinary system*.

Ayon kay Dr. Romeo Quijano, isang dalubguro ng *Department of Pharmacology and Toxicology* sa Unibersidad ng Pilipinas sa kanyang sanaysay na "*Melamine Poisoning: Tip of the ice cream*," mayroon nang naunang insidente ng Melamine noong 1987, kung saan natuklasan ang pagkakahalo ng kemikal na ito sa mga kape, *orange juice, fermented milk* at *lemon juice* na nailipat mula sa mga *plastic container* na gawa sa *melamine-formaldehyde resin*. Mula

1979 hanggang 1987, nagkaroon ng malawakang kontaminasyon ng isda at karne sa Italy. At noong 2004, nagkaroon ng *nephrotoxicity outbreak* ng mga alagang hayop sa bahay sa buong Asya.

## Ang melamine at ang mukha ng "kita"

Upang malusutan ang mahigpit na inspeksyon sa mga produkto ng gatas sa bansang Tsina, ang mga kumpanya ng gatas ay gumamit ng Melamine upang mapataas ang *nitrogen content* at *protein content* ng mga diluted na gatas. Ayon sa mga pag-aaral, masasabing *safe* ang isang produkto kung hindi hihigit



sa 2.5 parts sa isang milyon ang melamine content nito. Ngunit ang mga produktong mula sa Tsina ay nakitaan ng 520 parts sa isang milyon.

Ang mga gatas na kontaminado ng Melamine ay nagdulot ng 54,000 na bilang ng kabataang may problema sa bato at may naitala naring apat na kaso ng

Sa isang panayam kay Dr. Eleanor Jara, Executive Director ng Council for Health and Development, ipinahayag niyang ang mga kumpanya ng gatas ay nandaraya at isinasaalang-alang ang kaligtasan, kalusugan maging ang buhay ng mga sanggol para sa kita.

Bukod dito, pinatamaan naman ni Quijano ang Nestle at iba pang kumapanyang nagmamaang-maangan at nagpapahayag na ang kanilang mga produkto ay ligtas sa kontaminasyon na tumatangging sumailalim sa mga *chemical tests* at tamang imbestigasyon.

## Melamine Scare, isang manipestasyon ng kawalang pakialam

Sa kabilang banda, tinuligsa naman ni Dr. Jara ang pagiging padalos-dalos ng Department of Health (DOH) at Bureau of Food and Drugs (BFAD) sa nasabing isyu. Ayon sa kanya, kumikilos lamang ang mga nasabing ahensya kung mayroon nang naganap na di maganda sa bansa.

Dagdag pa niya, ang Pilipinas, tulad ng ibang third world countries, ay nagiging biktima ng pagbabagsak ng mga produktong sarplas dahil sa liberalisasyon.

Samantala, ipinahayag naman ni Dr. Quijano na tungkol sa usaping "kaligtasan" sa pagkain ay hindi kailanmang pinagtutuunan ng pansin ng gobyerno at mga korporasyon. Dagdag pa niya, ang mga probisyon ng *World Trade Organization* na may kinalaman sa "*food safety*" ay mas pinapaburan ang interes ng pagnenegosyo kaysa sa proteksyon sa kalusugan at kapaligiran.

Paliwanag niya, napipilitang mag-angat ng mga produktong kontaminado ng mga nakalalason kemikal ang mga maliliit na bansa. Kahit anong pagbabalak na pagbaban o pagpigil sa pagpasok at pag-angat ng mga produktong ito ay napipigilan ng mga malalaking kumpanya. Tulad sa kaso ng mga pestesidyo, *artificial sweeteners* at *additives, genetically-modified organisms* at ngayon, melamine.

## COC vies for Center of Development

by Patrick Jucutan

The College of Communication (COC) doesn't settle for having been accredited with "Outstanding remarks" by Accrediting Agency of Chartered Colleges and Universities of the Philippines (AACUP) during the level 3 accreditations.

Next, they also set in motion accrediting agencies AACUP for level 4 accreditations with the groundbreaking Commission on Higher Education (CHED) remarks for Center of Development (COD) put forward to further the prestige and marketability of the students produced by the college by means of meeting the standards of excellence and profiling the accreditation titles.

Currently on the preparation period,

COC-Dean Dr. Robert Soriano has arranged necessary papers, such as, self evaluation documents; and will be at Vice President for Academic Affairs (VPAA) Dr. Samuel Salvador's sway for the go signal.

### Distinctions between Accrediting Agencies

Although, CHED envelopes the accrediting agency AACUP, they differ on scope, since AACUP only accredits state universities, apart from its private school accrediting agency counterpart the Philippine Accrediting Association of Schools, Colleges and Universities (PAASCU) altogether they do not yield results in the general comparison.

The CHED COD and COE titles defy the clear-cut between the distinctions of the said two, supposed by [www.ched.gov.ph](http://www.ched.gov.ph):

\*Centers of Excellence (COEs) and Centers of Development (CODs) are higher education institutions


(HEIs) both public and private which have demonstrated the highest degree or level of standards along the areas of instruction, research and extension. They provide institutional leadership in all aspects of development in specific areas of discipline in the various regions by providing networking arrangements to help ensure the accelerated development of HEIs in their respective service areas.

### External downturn

Cut short on an "external" requirement, that is, to gather, at least, more than a half of the colleges of the university accredited with level 3 statuses.

COC along with CLL (College of Language and Linguistics) the only to have garnered Level 3 statuses will have to wait for the other colleges to fill its roster to pursue AACUP level 4.

The AACUP level 4 statuses shall compel the collective endeavors of the university, here, shall attest and validate the colleges' competence through institutional criteria, a leap higher to the past accreditations which only regard to the departmental features.



Talk about fast pacing, nothing beats the endless rigodons at senate. Speculators have come up with ideas that this change in the senate administration has something to do with the 2010 elections. Villar –being part of the three top presidential candidates together with VP De Castro and fellow senator Legarda- needed to be stopped as his popularity momentum is on the roll. We cannot blame his co-senators for thinking such, his OFW advertisements flutter all over boob tube's commercial spots. And those are on primetime

slots, a big investment indeed.

If our calendars serve us right, it is still a long way before the elections. Isn't it funny that these so called presidential candidates are now scheming for supporters and voters at this early stage? Maybe an Obama-McCain hangover? They seem to be hopeless candidates for a much awaited text vote powered pageant.

In the end, none of them loses. It is once again us, the citizens, the voters, the Filipinos who are bigtime losers here. Where are the issues that concern the Philippine funds? Where is the Euro Generals issue? Where is Joc-joc-joke and his fertilizer fund hullabaloo? Was this rigodon con todo just another arroyo plot to stabilize issues on her regime or just a mere reflection of the Filipino's greed and urge for power?

Under the Arroyo Administration, certain issues against human rights are raised, leaving Her Excellency with negative satisfaction ratings, massive protests rallies from the different multi-sectoral groups even impeachment complaints passed by the legislators resulted from the loss of confidence by the people. I cannot blame them; even I too, feel the same way for her and her allies. In the span of her 8 years tenure, I feel violated as if I feel like I'm stripped off my privileges.

Extra-judicial killings, enforced disappearances, Calibrated Pre-emptive Response (CPR), E.O. 464, Human Security Act, Proclamation 1017, A.O. 197, E.O. 168 are just a few of the manifestations of the violations made under by the Arroyo Regime. As of the last quarter of the year, more than 60 cases of journalist killings have seen conviction of killers, but none of them are the masterminds. The Philippine Media Today is indeed under PRESSure. The ethical and professional problems in the media impede the flow of the information for men and women need to make decisions in a democratic setting. And this

## No Holds Barred

Jan Meynard Nualla



## The Fourth Pamela

In this college, I came to learn of four ladies who are namesakes. Three ladies who struggle, just like any other student in this university. Three ladies who have aspirations, just like any other communication student in our college. And the name that binds them – Pamela.

The first Pamela is the epitome of every little Filipino. Someone who, despite her financial incapacities, gives pride to every task she accomplishes. At the start of our college life, she has demonstrated her flair in dancing, acting, and most especially, voice acting – feats that truly distinguishes her as a Mass Comm student. She has joined the university's Animé Guild of the Philippines, and is one step closer to achieving her dreams.

Now, as graduating students, we are all pursuing our internship programs. And our adviser, Sir Don, requires us to have either a diary or a blog, to note down our experiences.

(continued on page 5)

phenomenon scares me. All of these are threat not just to communication students like me who will soon be a professional media practitioner but also for everybody who is out to seek the truth.

Aside from the macro point of view violation of my rights, my everyday life is also seen with it. For in my everyday life, I feel no security. Maybe because crime rates are still increasing in number, no matter how strict police enforcements are. Together with this, various threats against press freedom might happen to me. The depressing inflation of the basic commodities, transportation expenses, tuition fees and the like hinders me from living a worry-free life. Aside from these, education today seemed to be for sale. I too, have been a victim of the education that seemed to be so commercialized. The basic right of each individual is slowly taken away because of the self interest of those who are in power. Life in our country today is very questionable in terms of security, safety and liberty; making me ask again, "Quo Vadis Philippines?"

## Editorial

### RIGODON CON TODO DEL SENADO PORQUE ELECCIONES?

Just recently, the senate once again surprised the country by an attempted coup plot to overthrow Sen. Manny Villar as the Senate President. Having an inkling of what will happen, the senate president announced his resignation before the end of the session. New minority and majority blocks were formed which paved way for the election of the new Senate president, Juan Ponce Enrile.

With Enrile as the new Senate president, burnt bridges were surprisingly built again. Senators who had sort of professional and personal grudges buried their hatchet so as to elect a new senate leader.

## Keen Attic

Anne Dominique delos Santos



## Stripping me off my privileges

The bill of rights is the sanctuary of protection for all persons, citizens or non-citizens, against any and all kinds of abuses, power and authority by the government, or any of its officials and employees or even against any unwarranted violation of such rights by other person. In other words, Bill of Rights serves not only as a limitation but also as a deterrent to further violations of fundamental liberties which is the essence of constitutional democracy.

Twenty two summary of rights are under the Philippine Constitution and I wonder how many of these twenty two fundamental rights are observed, consequently, how many of these are violated?



The Official Student Publication of the  
PUP College of Communication

PUP College of Communication Building, NDC  
Compound, Anonas St., Sta. Mesa, Manila

MEMBER

College Editors Guild of the Philippines  
(CEGP)

Alyansa ng Kabataang Mamamahayag  
(AKM-PUP)

Serve the students, seek the truth

Email

coc.dakom@yahoo.com

Website

www.dakom.tk

Editor in Chief  
Associate Editor  
Managing Editor

Jerome Philip Ricamata  
Jan Meynard Nualla  
Anne Dominique delos  
Santos

News Editor  
Feature Editor  
Community Editor  
Culture Editor  
Literary Editor  
Graphics Editor/  
Artist

Karenina Claire Ramos  
Edryan Lorenzo  
Patrick Jucutan  
Michael Cabial  
Kier Gideon Paolo Gapayao  
Kit Isaiah Bernal

Layout Artists

Kier Gideon Paolo Gapayao  
Dianne Stephanie Pineda  
Jan Meynard Nualla

Photographers

Maricris Magno  
Frecelyne Abegail Lambino  
Aldrin Rick Urbino

Staff Writers

Hernan Aguacito  
Arlyn Amboy  
Lalaine Panganiban  
Nathaniel Silvano  
Roi Anthoni Lomotan  
Demetrio Ragua  
Karen Balmes  
Zephora Jane Linggahan  
Miguel Anthony Gahoc  
Gelyn Arciaga  
Emilyn Nunez

Contributors

Maricris Faderugao  
Christine Cabornay

## Editorial Board 2008-09

(from page 4)

And as I read the blog of Pamela, I saw how society molds her reality. The ironic story of how she applied at DWIZ and KFC, at the same time, was something I would always look at.

The second Pamela is a class president. As a leader, she has endured the many demands of college life, acting as liaison between the faculty, administration and her classmates. Running for honors, she has survived the delinquent and tough professors, envious colleagues, and abusive classmates.

She has also been a student assistant for the dean, and the experience exposed her to the "drama" within the higher ups. And how that drama directly and indirectly affected the people below—us, the students. Quite a dilemma for someone in between. Even until now, as a class president.

The third Pamela is someone whom I know only by her name, but I have never got the chance to meet yet. She is the younger sister of my classmate, taking up Journalism as a freshie. Her online journal features so much about her college life, and because of it I can clearly see the image of the college through a neophyte's eyes—the people and the system. I just hope that her innocence doesn't get tainted by the corrupt and immoral doings of the people surrounding her.

The fourth, and last Pamela, is the one that caught my most attention. I adore her selfless concern for the college. Being a BroadCircle officer ever since, she has encountered many experiences with regard to giving service to her colleagues. Being a public servant in a way, she, for several times, had to choose between academics and commitment.

Probably a legacy to make, I have been with her in the hard-pressed endeavors to fully activate the college radio station, a feat that was a decade in the making. I will not elaborate anymore on the many screenings, workshops, and test broadcasts we have arduously carried out. One goal was for sure: we had to do those things for the future of the station and of the college. That the ones we've been passing the knowledge and skills onto would be the next ones to continue that legacy. Echoing, as you may call it.

In a way, it is sad to reflect that all the great professors in the college have shifted to bigger administrative positions in the main campus. Pamela is left all alone, together with the people who have less concern with an undertaking that was already started many years ago.

I will not forget when I learned that

Pamela burst into tears because of the new manager which she had hoped to have the same vision and dynamism as the former supervisor of the station. The desolation she got from Prof. Ramos's reproach was something unexpected from her selfless work. As of this moment, there is no more activity—no training, no broadcast—all because of the still pending application for license. It is like killing the momentum.

Pamela, a name that means honey, a sweet fluid that can last for centuries, if preserved in the proper way. This, I hope, would be done with my dearest four Pamela's. May God preserve their innocence and compassion, so that their dreams will be reached. As for the fourth Pamela, may her noble sacrifice be known, that the successors of this college will learn to pass on the gift of knowledge and not foiling it from the deserving.

## Killing Caress

Karenina Claire Ramos



## Can Bayani DUET on 2010?

A talent program of GMA-7 closed its curtain after having its second season winner.

However, this contest is not merely a professional competition for singers because the participants are celebrities comprises of artists, models, politicians, athletes, beauty queens and etcetera.

Nevertheless, this politician is likely practicing his vote and starting to campaign himself by using this talent show. Metro Manila Development Authority (MMDA) Chairman Bayani Fernando who won the said program, spend hundreds of thousands for his text votes and disseminate cell phone loads to their employees in order for him to gain votes.

Maybe the format of the show is also biased in the sense of judgment. It is based on text votes or in other words "a matter of money".

The masses are not passive not to notice that he has a political ambition of running for the coming presidential election in 2010 and early this year, he uses his position as the chairman of the MMDA to post all of his gigantic and destructing tarpaulins and pictures within Metro Manila. And now, he used the TV program as one of his campaign strategy and to gain enough publicity.

Can Bayani "BF" Fernando spend another hundreds of thousands again, or maybe for his next contest, "The Philippine Presidential Position"? Well, as long as he uses all of those millions of pennies from his own pocket and not from the cavan of the City Government of Marikina or from the MMDA.

In addition, this next competition is not an entertainment anymore that he can use his power to survive after winning, he would just celebrate for himself.

## Sulyap



The warrior is a child  
by: Matutay



Need a light?  
by: Matutay



Girl power steps up a notch  
by: Frecelynn Abegail Lambino



Ang pitak na ito ay ginawa upang magbigay pugay sa mga likhang Pinoy, maganda man o hindi. Pinaligaya ka man, inaliw, pinaluha, o binuwisit.

**Paalala:** Ang mga sumusunod na katha na iyong mababasa ay pawang gawa ng isip lamang kaya wag mo nang isipin. Paggamit ng utak ay kailangan.


**Marka:** ★★★★★ - Henyo! Astig! Sinong nanay mo?!

★★★★★ - Magaling, Magaling, Magaling, May tama ka!

★★★ - Sige na nga, pwede na. Tinimbang ka ngunit kulang.

★★ - Anu veh? More practice pa..

★ - Karimarimarin. MAISama lang! Magtanim ka na lang ng kamote.



Musika:  
**Yosha**  
**Baby Steps**  
Jerome Phillip Ricamata

Ang Marka:



sa Pinoy music fanatics.

Ang kanilang album na "*Baby Steps*" ay ni-release noong September 29, 2008. Ang mga kantang *Café*, *Sabi-sabi* at *Resolution* ay ilan lamang sa mga magaganda nilang kanta na sa aking palagay ay maaring i-release sa world market. Ang "*Natural*" na kanilang carrier single ay may malakas na impluwensiya ng acid-jazz na nagbigay ng mala-Jamiroquai na tunog dito.

Isa lamang ang Yosha sa mga OPM

artists ng bansa na malaki ang potensyal na maka-penetrates sa international music scene. Ngunit sa aking opinyon, tulad ng kanilang kahanay sa OPM Soul genre ay mahihirapang makahanap ng solidong market at fan base sa Pilipinas ang banda. Isa sa mga hindi sikat na genre ang OPM Soul, ngunit kung papakinggan at aanalisahan ang kalidad ng kanta ng Yosha ay may patutunguhan ang dalawandaang pisong pinambili mo ng album nila.



Pelikula:  
**Matakot Ka Sa...  
Kulam**  
Frecelynn Abegail Lambino

Ang Marka:



hulaan ang mga susunod na pangyayari.

Ang istorya ay nagsimula sa pagkabangga ng kotse ni Mira (Judy Anne Santos). Nagkaroon siya ng post-traumatic amnesia kaya lahat ay malabo sa kanya. Nang makabalik sila ng kanyang asawang si Paul (Dennis Trillo) sa dati nilang bahay nagsimula na syang kumuha ng pira-pirasong impormasyon tungkol sa dati nyang pagkatao. Sa proseso, natuklasan nyang galling sya sa lahi ng mangkukulam at dito nagsimula ang misteryo ng pelikula.

Isang kagandahan sa pelikulang ito

ay sinimulan ng kasukdulang pananakot at nagpatuloy hanggang sa katapusan. Maraming eksena ang nag-uudyok sa iyong kaisipan para gamitin ito. Maraming biswal at animasyon na ginamit dito na hindi mo makikita sa ibang pelikula. Isa ito sa mga pelikulang kailangang higitan ng mga susunod pang panakot na pelikula. Si Judy Anne ang pambato sa pelikulang ito. Pinakita niya na kaya nyang gumanap sa napakadaming papel. Si Dennis Trillo ay may ibubuga din. Kahit hindi ganoon kahirap ang role niya binigyang hustisya naman niya silbi ng karakter niya.



Aklat:  
**Takod**  
ni David Hontiveros  
Roi Anthoni Lomotan

Ang Marka:



kapanayamin ang alkalde nito. Subalit hindi niya inaasahan na ang pagpunta niya roon ay maghahatid sa kanya ng lagim na may koneksyon sa kanyang nakaraan.

Sa takbo ng kwento, ipinapakita ni Hontiveros ang ilang tradisyunal na paniniwala tulad ng mga aswang at golem, anting-anting, ang pagbaliktad ng damit sa tuwing naengkanto at ang paniniwalang ang mga kababaihan ay anak ng buwan at ibinibigay nito ang lakas sa kanila.

Sa pagbabasa nito, ipinakita ni Hontiveros na ang mga Pilipino ay sadyang mayaman sa mitolohiya at katha. Ibinabalik niyang muli sa ating mga kaisipan ang

Mula sa kanyang mga koleksyon ng mga nobelang nakakatakot ay inihahandog ni David Hontiveros ang *Takod* ay pangalawa sa kaynang penumbra novella.

Ang aklat na ito ay nagtataglay ng mataas na mitolohiya at isang halimbawa ng madilim na pantasya. Isinasalaysay rito na ang isang maunlad na bayan ay hindi rin makatakas mula sa anino ng kadiliman.

Ang kwento ay sinumulan sa pagdating ng peryodistang si Mike Lasombra sa bayan ng mapayapa upang

mga paniniwala na naglaho kasabay ng ating pag-unlad. Ang kanyang akda ay sumasalamin sa Pilipinong mitolohiya na unti-unti nang nabubura sa ngayon. Ang mga mahiwagang tauhan ng kanyang akda ay nagpapakita ng pagkamalikhain ng mga Pilipino pagdating sa larangan ng pagkukuwento.

Siksik at malaman ang kwento kung kaya't naging mababaw at pangkaraniwan ang dating nito. Gayunpaman, hindi pa rin maikakaila na gumamit si Hontiveros ng elementong malayo sa *True Philippine Ghost Stories at Haunted Philippines*.

# MANGKOKOLUM SURVIVOR EDITION



**Kakaiver** ang 3 echuserong ipis na sina Forte. Kimverly at Katigbak dahil eksena to the maximum level ang mga feelingerang naging castaways ng bagong reality show sa balat ng Pilipinas na Survivor COC. Sa pagdating ng bagong programa ay dumating ang old friend na si Chene Boy.

**Chene Boy:** Ok mga castaways oras na para malaman kung sino ang mavovote out sa issue na to.

**Forte:** Sisterettes, it's time to shine and choose ang first ever Survivor Ipis sa COC.

**Kimverly:** Korek at sureness naman na aketch na ang dapat tanghalin na wittiest among the ipises.

**Forte:** Oh... oh... Baka nakakalimutan mong aketch ata ang pinakamagaling, pinakamautak at pinakamagulang sa inyong lahat.

**Katigbak:** Eh ano naman ngayon? Mga ipis kayo? Mga epalers lang naman kayo ditey! Wit aman ito Survivor noh! Fear Factor to! At tayo ang maghahasik ng kababahalaghan kaya before pa umabot sa 90 degrees ang headache ko, umeskravu na kayo at gawin ang mga dyob nio sa COC...

## Pompyang Numero Uno: BaYOUTH Camp sa Calauan

With full support and efforts from the makers of best ever producer ng mga "tirador ng bulsa project", at last naisakatuparan din ang much awaited adventure nina Jack and Jill sa Bundok Tralala ni Ma. Makiling na can be found sa Calauan, Laguna. Kahit supalpal ang promotions ng pakulong itetch last year, bentang-benta aman naun sa mga lola mong kulang sa dilig at sabik sa tubig ang launching palang ng pool party nitey. Sad to say, disappointed ang mga lola dahil sa "laki" ng swimming area, lublob effect at langoy at the side of the pool na lang anf naexperience ng ibang sightseeing na lang ang naging drama. Sulit ba ang 1.4 K mo? Well, if you'll consider the "tsibugan part", granted the delisyoso taste and unlimited supply of feeds, pede na wen iassume na worth it ang expenses. Kaya lang why the appearance of additional bayad for the merienda time? Wit amang nirequest ang order ng sandwich and zesto but they delivered and now they're demanding another payment eh not all aman nakalafa ng ham and cheese? At ang price may 100% VAT pa! One more thing, of course we know na may mga seminars talaga dapat, but why aman puro "alive-alive" sessions ang bumulaga samen? Camping ba 'to o "retreat"?

But unfairness, narevive ang beauty ng mga lola niyo sa extra challenge na pinagbidahan ng combined forces of Kapamilya and Kapuso Stars na keshedang tumakbo sa

putikan ng nakayapak at dumapa sa damuhan ay kineme na lang to win the grand prize na hulaan mo kung wat! Gotcha! Yes! Korek! After all your pabibo stunts, Gotcha Chocolates lang ang katapat mo! Well, papalag pa ba aketch kung ala aman aketch no choice? Sabagay, wit ngang naka-say no si Jack and Jill kay Madam Muthra for this project eh, even those na can't afford daw talaga eh bumuking pa just to join! Oh di ba? Kasi wit nga compulsory pero required aman. So pano? "Yes, Sir" "Yes, Ma'm" na lang ang drama? Keri na lang kahit wit aman! Survivors aman tayo diba?

## Pompyang Numero 2: Kalokang henrolment sa She Oh She

Shala ang naganap na henrolment sa She Oh She dis sem. Akalain mong may included na bwisit sa pre-requisite sa step-yes, step-no na process ng henrolment, take note nawindang ang mga lolo't lola mo sa biglang pag-appear nitey sa eksena coz last year witchells aman kabilang sa paghehenrol yun. Super angry at irritated tuloy ang mga junakis ni Janice sa D.O.G (ika nga ng isang professure under this department) becoz wit ineencode ng butuhing si Witchcraft Chiz ang mga iskedyuls and subjects ng mga BG students sa computer. Pano kasi dehins nadala ng mga jowawang gromula ang kanilang mga clash cards. Kagagaling lang kasi ng mga softyoumore sa bayouth camp kung saan nagjoin force ang mga dakilang becky at bi-sector, so they don't know na needed pala ang the said requirements and another thing pa, wit niremind ang mga softyoumore about this. And the hurting pa ditey, several prof pa ang wit pang naggive ng clash cards. Hala sige! Todo wait pa wen ang mga gromula na maencode na sa D.O.G. kung anik anek na ang pinaggagawang churva ng nga softy BG pero wit pa wen silang pinagbigyan. At san ka pa, sa pagfly ketch nasight ketch na Journ studes na lang nasa COC at yung mga junakis ng BoardCom at ComRest hayun at nagliparan na to join the history of "pila-uli pila". Luka-lukang mga Ingkong mo coz the processing of the encoding in that two departments, wow!! Ang bilish! Ang tarush niligwak pati henrolment ng Ateneo't La Salle unlike the dyorn department na halos umabot ng ilang siglo at salinlahi sa tagal.

At last after a long deliberation of the Chiz, nakapagencyod wen ang mga putsur journalists kuno at after the arrival to the main campush, pila ulit pila na naman ang drama so midnight snack na nang matapos ang mga jowawang gromula sa paghehenrol.

Kung may reklamo, sumbong, suhestiyon o reaksyon... sumulat kayo sa amin at ipagbigay-alam sa Dakom opis.. o kaya naman ay i-email sa

[coc.dakom@yahoo.com](mailto:coc.dakom@yahoo.com)


Maaari rin kayong lumahok sa ONLINE Forum Discussion ng Dakom. Mag-register lamang sa **FORUMS Section** ng

<http://www.dakom.tk>

## KOMIKS. KOMIKS. KOMIKS. KOMIKS. KOMIKS. KOMIKS. KOMIKS. KOMIKS. KOMIKS

### Kidnap for uniform

Xopao



## Dipa

Kier Gideon Paolo M Gapayao

Napapikit si Teo sa lakas ng sinag ng araw sa kanyang maputlang mukha. Napakalayo ng lagay ng panahon sa karaniwang eksena ng libing sa mga pelikula. Maaraw at malakas ang huni ng hangin, tamang-tama para magpalipad ng guryon tulad ng dati niyang ginagawa kasama ang ina. Napailing si Teo sa mga ala-alang dumalaw sa muling paglingon sa hukay na naglalaman ng saradong ataul. Pagkarating niya ay sarado na ito. Hindi na niya nasilayan ang mukha ng ina sa dalawang kadahilanan. Una; bago dumiretso sa sementeryo ng Sta. Rosa ay nanggaling siya sa isang magabang paaralan sa bayan na pansamantalang ginawang *evacuation center* dahil sa isang sunog, tatlong araw na ang lumipas. Panagalawa; kahit mapaaga siya ng dating ay mananatiling sarado ang kabaong. Ang maputlang mukha ni Beatriz Solis na siyang pinagmanahan ni Timoteo Solis ay hindi na makikilala pa sa tindi ng pagkakasunog. Nakita na lang niya ang pangalan ng ina sa listahan ng mga namatay sa kanyang pagbalik sa Laguna para makakuha ng mga detalye.

Noong una ay nagulat siya pero hindi na siya nagkaroon ng pagkakataong magsisi sa pag-iwan sa inang nag-iisa lang sa bahay. Naisip na rin niya na kung naroon siya noong panahong iyon ay naalis sana ang kahoy na posteng umipit sa mga binti ng ina. Pero hindi na siya nagkaroon ng oras para iyakan ito. Lahat ng oras niya ay nilamon ng "public service" Ang luhang dapat para sa kanyang ina ay lumabas ng kanyang katawan bilang mga patak ng pawis bunga ng pagiging *field reporter*. Sa isip-isip niya ay dalawang bagay lang naman ang posibleng mangyari kung hindi siya lumuwas ng Maynila nang mangyari ang sunog. Maaring nailigtas niya ang ina o maaring dalawa silang tinatambakan ng lupa ngayon. Sa kanyang pag-

iling ay pinilit alisin ang gumagambala sa isipan. Lumuhod siya sa damo at nagsindi ng *Marlboro*. 'Kailangan kong maghanap ng namatayan sa sunog, hindi ako pumunta dito para magpapatiks lang.' bulong niya sa sarili. Napalingon siya habang papalapit ang *cameraman* na dala-dala ang mikropono. Hindi na niya naubos ang sigarilyo at initsa na lang sa damo bago siya tumayo at naglakad papunta rito. Sandali na lang at oras na para magtrabaho.

\*\*\*

"Inay! Inay!" sigaw ng sampung taong gulang na Teo "Tignan mo! Nabuhol ko na naman yung sinulid!" Agad na tumigil si Beatriz sa pagkukusot ng puti sa tabi ng batis. Sa katabing bukid nito ay nagkabuhol-buhol sa payat na katawan ng kanyang anak ang sinulid para sa ginagawa nitong guryon. Mapagkakamalan mo na siyang patpat na napupuluputan ng tali para hindi liparin ang saranggola. "Sige na Teo, wag ka nang malikot at ako na ang gagawa niyan mamayang gabi." "Ayoko! Sabi ni Itay dati kami ang gagawa nito. Mas magaling si Itay kaysa sa'yo!" Kumiro ang dibdib ni Beatriz ngunit pinilit niyang ngitian ang kanyang nag-iisang anghel. Wala na ang kanyang ama. Siya'y haligi na ng ibang tahanan. "Pero paano mo nasabing mas magaling siya kung hindi mo pa ako nakikitang gumawa?" sagot ng ina. Unti-unti nang namumula ang maputlang mga pisngi ni Teo, isang babalang malapit na siyang umiyak. Kinuha ni Beatriz ang patpat kung saan nakatali ang sinulid at dumipa na animo'y kinukuha ang sukat ng tali. Habang nakadipa ay hinarap nito si Teo "Alam mo ba kung bakit ka gustong gawan ng saranggola ni inay? Kasi ganitooooo ka niya kamahal!" Niyakap niya ang anak at kinilit sa tagiliran. Maghapong maririnig ang halakhak ng mag-ina sa bukid. Kinabukasan ay may batang tumatakbo at nagpapalipad ng guryon sa tabi ng batis.

Paulit-ulit,  
Paulit-ulit,  
Paulit-ulitAll that I've said and done are true.  
And I know you know I love you

Paulit-ulit,

Sinubukan kong huwag mangamba  
Ngunit napagkaitan ng tiwalaWhile you're reading this, I am really trying  
The words I ever said make you crying,  
This is the way I want you to know,  
That without you I'm fine but dying

Paulit-ulit,

Hindi makasigaw,  
Hindi makabulong,

At sadyang napakarami ang tanong

P.S. Sometimes, one is not enough especially if it  
is not the right one.Paulit-ulit ganito lang sa isang tabi  
Hanggang sa maibalik ang mga ngiti

Paulit-ulit na lang ba ako?

Uulit-ulitin ko parin ba?  
Siguro hindi na,  
Dahil dumating ka na.

## MY ABSORBER

Khristine Cabornay

Sea shores with its crystal water  
Reflecting the tears to be shed  
An awful night and day  
Only to be crashed by waves

## SOB

RAMP

And now I did it, no one to blame  
Ill take all by myself, that they call shame  
Goodbye, farewell  
I'm not scared anymoreMountains look back  
The greens and sky  
My head high above  
Let me breathe and flyOccasional screams and shouts  
Appreciate the heights  
They welcome my emotions  
No questions askedWe made this  
That's why we were meant for this  
I won't miss you  
Because in my heart you're still inBreeze of air  
Cleanse my mind  
Drops of water  
Make me alive.Ill bet you'll never thought this would happen,  
Don't worry,PULA  
(ALAY SA PUP 12)

Demetrio Ragua

Ginamit mo ang iyong pluma  
Upang imulat ang masa at nasa akademya.Iminulat mo ang aping bayan  
Upang wakasan ang kamangmangan.Nakibaka ka upang wakasan ang imperyalismo ng estado  
Lumaban ka para ipaalam ang tunay na karapatang  
pantao.Oo, ikaw na isang mag-aaral,  
Mag-aaral hindi lang sa gawa at porma.  
Isang mag-aaral na nangahas tumindig at makipagbaka.  
Isang mag-aaral na taas-kamaong  
sumigaw ng kalayaan at pagbabago.Isang mag-aaral na humangad ng tunay na reporma sa  
lupa,  
pantay na sahod para sa manggagawa.Ikaw na nawala at naglaan ng lakas  
At buhay para sa bayan.

Mabuhay Ka, Oo Mabuhay Ka.

## Paulit-ulit

\*atekin

Paulit-ulit,  
walang sulyap ng pag-asa,  
walang liwanag na makita,  
walang kahit na anong madama,